

# 1

“Tba na talaga ang buhay artista, laging busy at hindi na nakakaalala.”

Zaira nonchalantly rolled her eyes when she heard her eldest sister Liezel’s opening line. Laging ganoon ang eksena tuwing dumadalaw sa kanya ang mga kapatid. Nagda-drama ang mga ito na para bang nasa isang teleserye sila.

At siya ang kontrabida.

“Come on, Ate Liz, spare me the theatrics. Lagi ko kaya kayong tini-text,” nailing na salag niya.

Bagaman malayo sila sa isa’t isa ay nagkikita pa rin sila madalas. May mga asawa na ang mga kapatid niyang babae.

Ang mga kapatid naman niyang lalaki ay kasal sa trabaho ng mga ito. Zaira moved out of their house when she decided to pursue her acting career.

“Pero pati pagti-text, kinatatamaran mo na. Hindi mo talaga kami nami-miss!”

“Over ka, Ate Ex.”

“Tama lang sila, kinakalimutan mo na kami.”

“Now that’s OA, Ate Cad.” Tumayo siya mula sa kanyang malaking sofa.

Nailing na nakapamaywang ang kanyang mga kapatid.

“OA pala, ha?”

Napapikit siya sa sobrang lakas ng sabay-sabay na pagsigaw ng mga ito. Tuluyan na siyang napangiti.

“Quit it! Masakit sa tenga. May shooting pa ako mamaya.”

“O, sige na, ikaw na ang busy. Ikaw na,” natatawang sabi ni Ex.

Sumabay siya sa tawanan ng mga kapatid.

“Hoy, bruhilda, hindi *por que* artista ka na at hindi ka na mahagilap ng angkan De Calibre ay puwede mo nang palampasin ang napipintong paglabas ni Baby Zyra.”

“Kelan ko pinalampas ang paglabas ng mga pamangkin ko, aber? Ikaw talaga, Ate Liz.”

“Noong iniluwal ko si Junjun,” anito.

Ang anak nitong si Junjun ang unang apo sa

henerasyon ng tatay niya. Nasa America siya noong ipinanganak ito. May shooting.

“Saka noong inilabas ko si Riggor,” segunda ni Ex.

“Ate Elise Xandria!” Pinanlakihan niya ito ng mga mata na tila ba sinasabing huwag na itong dumagdag pa.

“Sige na, quiet na po ako, Boss,” sagot ni Ex.

“Siguro naman, hindi ka tumanggap ng project na out of the country ngayon, 'no? Malapit nang lumabas si baby,” ani Liz.

“Oo na. Kahit lumipad pa ako papuntang ospital maabutan ko lang na umiire ka, gagawin ko. I'm so flattered na isinunod mo pa sa pangalan ko ang pangalan ni Baby para lang masigurong makikisali ako sa cheering squad nina Ate Ex at Ate Cad. Bakit ba kasi ako lang ang bina-blackmail mo? Burautin ninyo rin ang mga De Calibre Boys, aba!” She was referring to their brothers.

“Sa ibang mundo nakatira ang mga iyon. Pabayaan mo na. Galante naman magsiregalo, eh,” ani Cad.

“Pero pag may kailangan, sa atin din sila

tumatakbo. Lalo na kapag babae ang problema.”

“Right! Darating din ang karma ng mga iyon,” ani Ex. “Siya nga pala, nabalitaan mo na ba?”

“Ang alin?” Napalingon siya sa kanyang Ate Ex.

“Uuwi na raw dito si Trojadio.”

“Pakialam ko d’un sa kulugong iyon?” kunwa’y pagsusungit niya. Nakita niya ang pagngisi ng mga ito. “Tigilan niyo nga ako!”

May balita pa ang mga kapatid niya kay Trojadio dahil bukod sa pagiging schoolmates nila ay nagkataong inaanak din ito ng tatay niya. Sa madaling salita, close ang mga tatay nila.

“Ay, sus! Here we go again. Kunwari galit-galitan, iyon pala may gusto naman,” kantiyaw ni Cad.

“Tulak ng bibig, kabig ng dibdib...” kanta ni Liezel.

“Come on, guys, hanggang ngayon ba naman?” Bigla siyang napikon.

Mabilis siyang tumayo upang pumunta ng kusina. Ginawa niya iyon upang itago ang biglaang pamumula ng kanyang mukha.

*Nakakainis!*

“Tumatakas, tinatago ang pagba-blush,” tukso ni Ex.

“H-hindi, ’no!”

“Aminin mo na kasi, may gusto ka kay Trojadio, ’no?” nakangising tanong ni Cad. “Secret lang natin, promise.”

“Duh! Hinding-hindi ako magkakagusto sa lalaking iyon. I’d rather kiss a snake,” tigas ng tanggi niya.

“Ang mariing pagtanggi ay katumbas ng pag-amin.”

Naghiyawan ang mga ito dahil sa sinabi ni Liezel.

“Balita ko nag-aasaran pa rin kayo kahit na nasa States na siya,” gatong pa ni Ex.

“For your information, Ate Ex, sinusundan ako ng kaluluwa ni Kulugo. Siya ang naghahabol sa akin at hindi ako. Ewan ko ba d’un, may saltik yata. Parang hindi makakayang mabuhay sa mundong ito nang hindi ako naasar. Barya lang kasi ang bayad ng overseas call para sa kanya. Gagawin niya ang lahat para lang maasar ako.”

“Kasi nga, may gusto iyon sa ’yo,” ani Liezel.

“Korek! Nagpapa-cute lang iyon sa ’yo, manhid ka kasi,” segunda ni Cadbury.

“Baka gan’on lang talaga manligaw si Trojadio,” dahilan ni Ex.

Natigilan siya mula sa pagsasalin ng malamig na tubig sa kanyang baso. Iyon ang laging sinasabi ng mga ito. Na kaya raw siya laging inaasar ni Trojadio ay dahil may gusto ito sa kanya. Ayaw niyang maniwala at lalong ayaw niyang umasa.

Pero ang tangang puso niya—nagpapaniwala!

Kaya heto siya ngayon, hindi mapakali dahil nalalapit na pala ang muling pagkikita nila ni Trojadio. Kahit pa alam niyang aasarin lang siya nito kaya gusto siyang makita.

“Puro kayo Trojadio! Hindi na ako makikilala n’un, ’no?”

“Bakit? Kasi diyosa ka na ngayon?” ani Cad.

“Kuha mo, Ate!” natatawang sagot niya.

“Akala mo naman walang TV sa States. Adik! Malamang nakita ka na n’un,” ani Liezel.

“Mas maganda kaya ako sa personal.” Napasulyap siya sa kanyang repleksyon sa salamin.

## *Kissing The Ugly Duckling - Eunice Xyra*

---

Four years ago, larawan siya ng isang babaeng nadaanan ng buhawi sa mukha. Iyong tipong nangangailangan ng itim na blusa para gumanda. *She was a certified ugly duckling.*

She was fat, may alambre ang mga ngipin, may bangs na kagaya ni *Betty La Fea*, at parang pugad ng ibon ang kulot na buhok na madalas niyang itali noon.

Idagdag pa ang makapal na salamin niya sa mata. In other words, she looked geeky—the worst type.

Simula pagkabata ay ganoon na ang hitsura niya. Kaya nga wala siyang confidence noon. Noong mga panahong iyon niya nakilala si Trojadio. Ito ang tanging kaklase niya noong grade school na nakasikmurang tumabi sa kanya. *She was so happy then.*

Bakit hindi? Ito ang pinakasikat at pinakaguwapong lalaki sa klase nila. Kahit sa murang edad ay mababakas na ang angking kaguwapuhan nito. He was the tallest of them all. Ito rin ang may pinakamagandang ngipin. He had eyes that could drown you just by looking at them. May killer smile din ito. She had a crush on him at first sight.

Pero nawala ang lahat ng paghanga niya rito

nang magsimula itong pag-trip-an siya. Naroon na iyong lagyan nito ng bato ang bag niya, butiki o kaya ay ipis.

He would always make fun of her—of her long and curly hair. Dahil dito ay nakasanayan lagi niyang itinatali iyon. Lagi kasi nito iyong hinihila at pinagbubuhol-buhol.

Funny thing was, kahit na itinuturing niya itong numero unong kaaway ay ito rin ang kanyang *Knight in Shining Armor*. Dahil kahit na lagi siya nitong inaasar, minsan pa nga ay pinapaiyak, ito ang laging naroon sa tuwing kailangan niya ng tulong.

Lagi siya nitong ipinagtatanggol.

Minsan ay tinanong niya ito kung bakit siya nito ipinagtatanggol gayong lagi rin siya nitong inaaway. At hinding-hindi niya makakalimutan ang sagot nito.

*“Walang puwedeng manakit sa ’yo. I will never let that happen. Akin ka lang. Ako lang ang may karapatang mang-asar sa ’yo.”*

Fifteen years old lang sila noong sinabi nito iyon, mga bata pa sila. Pero dahil doon ay biglang nagbago ang pagtingin niya rito. Sa kabila ng mga pang-aasar nito ay nagawa niyang ibigin ito nang lihim.



“Cut!”

Napaigtad siya nang marinig niya ang malakas na sigaw ni Liezel malapit sa tainga niya.

“Aray, Ate! Bakit mo ginawa iyon? Ang sakit, ha?” reklamo niya.

“Grabe ka, Sis, nabanggit lang ang pangalan ni Trojadio, nawawala ka na sa sarili. Malala na iyan. Pa-confine ka na,” kantiyaw nito.

Namumula ang mukhang napatalikod siya.

“Tse!” sigaw niya sabay walkout papuntang kusina. Dinig na dinig niya ang malulutong na halakhakan ng mga ito.

“Zaira De Calibre, uubusin namin ang laman ng ref mo. Kailangan mo nang palitan ang laman nito.”

“Paghandaan mo na rin ang pagdating ni Trojadio.”

Kinakabahang napatutop siya sa dibdib.

Ano nga kaya ang magiging reaksyon niya kapag nakita niya ulit si Trojadio? Ano rin kaya ang reaksyon nito kapag nakita siya nito? Would he like her now because she was finally a very beautiful swan?

She sighed. Hindi siya dapat ma-excite na muling

makita ang kulugong iyon. Since he left, inutusan na niya ang sariling kalimutan ito. Hindi na dapat pang bumalik sa dating kabaliwan ang kanyang puso.

---

Inayos ni Zaira ang suot na gora. Maingat niyang inilagay sa loob niyon ang mahaba at kulot niyang buhok. Muli niyang pinagmasdan ang repleksyon niya sa salamin.

She was wearing a baseball cap, loose t-shirt and baggy pants. Naka-rubber shoes din siya. She carefully put on a fake mustache and wore sunglasses—kahit na walang sinag ng araw sa loob ng CR.

Katatapos lang ng show niya sa isang mall. But she wanted to stay a little longer. Manager niya ang nag-insist ng disguise.

Nakatanggap siya ng isang importanteng tawag kani-kanina lang. The matter was urgent. Manganganak na ang kanyang Ate Liezel. Ilang oras na lang at lalabas na sa mundo ang kanyang third pamangkin.

Her manager was worried that she might get hurt if she left right now. She composed herself and walked like a man as soon as she got out.

## *Kissing The Ugly Duckling - Eunice Xyra*

---

Nakita niya ang manager na si Jessica na abalang kinakausap ang security head ng naturang mall. Pasimple niyang inayos ang suot na sunglasses nang tuluyan siyang makalampas sa harapan ng mga ito.

Binilisan niya ang paglalakad bago pa ito tuluyang makahalata. Siguradong nagtataka ito kung paanong may ibang nakapasok sa restricted area na pinanggalingan niya.

Narinig niya ang pagsigaw nito. Napapikit siya. Sigurado siyang hindi siya nito papayagang lumabas lalo na at naroon pa rin ang kanyang mga fans at inaabangan siya.

Tuluyan na siyang napatakbo nang marinig na inutusan nito ang security na habulin siya. Hindi siya magpapahuli sa mga ito. Sisiguraduhin niyang makakatakas siya sa lugar na iyon.

“Sorry, Manager Jess. Babawi ako sa ’yo bukas!” natatawang sigaw niya.

Aside from being her manager, Jessica was also her makeup artist and best friend. Ito ang tumulong sa kanyang buuin ang self-confidence niya. Jessica literally created her. Ang dating ugly duckling na si Zaira ay isa nang certified swan ngayon at namamayagpag bilang isang artista at singer.

## *Kissing The Ugly Duckling - Eunice Xyra*

---

Mabilis niyang pinagala ang mga mata. Nakita niya ang makapal na kumpol ng mga tao sa labas. Most of them were her fans. Matiyagang naghihintay ang mga ito sa paglabas niya.

Maliksi siyang nagkubli sa likod ng isang higanteng poster board na nasa bukana lang. Hinihinal na hinanap ng paningin niya ang mga lalaking humahabol sa kanya. Binistahan niya ang kanyang cellphone. Ten missed calls. Sigurado siyang galing lahat iyon sa kanyang manager.

Napangisi siya. Muli niyang ibinalik ang aparato sa kanyang bulsa. She couldn't just appear in front of these people. Tiyak niyang magtataka ang mga iyon kapag nakitang lumabas siya mula sa lugar na pinagpapahingahan ng idolong si Zaira. Napalington siya sa kanyang likuran. May iba't ibang fast food chains doon. She could go there and use the nearby exit.

Inayos niya ang suot na baseball cap bago pumasok sa *Starbucks*. It had been so long since she last went to a mall. Simula nang pinasok niya ang mundo ng showbiz ay nawala na ang lahat ng kalayaan niyang magliwaliw sa mga lugar na dati ay malaya niyang napupuntahan. Nami-miss din niyang lumagok ng mainit na kape na siya mismo ang bumili.

*Kissing The Ugly Duckling - Eunice Xyra*

---

She felt so much at ease when the people inside the café didn't recognize her. Nakaka-miss ang maignora ng mga tao. Nakakapagod din pala ang pinagkakaguluhan at tinitilian ng mga fans. She smiled bitterly.

Tinungo niya ang counter. Nakangiting binistahan niya ang menu na nasa likod ng barista. Inayos niya ang pagkakasuot ng kanyang gora at eyeshades.

“Good morning, Sir. May I have your order please?”

“I would like to have a *Café Americano*.”

She had lessons on voice changing. May pelikula siya kung saan nagpanggap siyang lalaki. Pero malamang ay ma-reveal na ang disguise niya kapag nagtagal pa siya. At wala siyang balak na mabuking.

Kaya nang makuha niya ang order ay mabilis siyang pumihit palabas ng coffee shop. Parang masyado rin siyang tinititigan ng service crew. She could never hide her feminine scent and sexy shoulders beneath that sloppy t-shirt.

She hastily sipped at her drink and headed toward the door. Ngunit gayon na lamang ang panlalaki ng mga mata niya nang biglang tumama ang ilong niya sa isang malapad na dibdib na biglang sumulpot sa

harap niya.

Ang siste, natabig ang kamay niyang may hawak sa kape at bumuhos ang kape sa dibdib niya. Isang bahaw na sigaw ang kumawala mula sa lalamunan niya.

“Oh, my God! It’s hot!” natatarantang sigaw niya. Surprisingly, boses lalaki pa rin ang lumabas sa bibig niya kahit nasa gitnasiya ng pagkataranta.

“Are you okay?” tanong ng nakabangga sa kanya.

“Sana puwede kitang buhusan ng kumukulong kape at tanungin rin ng ‘are you okay’ na iyan.”

May kung anong dumunggol sa dibdib niya nang rumehistro ang pamilyar na boses na iyon sa kanyang isip. Ikiniling niya ang ulo. At agad siyang napaatras nang magsimulang maglakad palapit sa kanya ang lalaking nakabangga niya.

## 2

“What’s up with you disguising as a man?”

Kulang na lang ay tamaan siya ng kidlat sa muling pagtatama ng kanilang mga mata. Tumambad sa kanya ang pamilyar na mukha ng taong ni sa hinagap ay hindi niya inisip na masisilayan pa niya. He was the last man on earth she expected to see again.

*Si Trojadio!*

Natigil ang paghinga niya. Mula sa karimlan ng suot niyang shades ay napatitig siya sa napakaguwapong mukha nito—na sobrang lapit na sa mukha niya. It had been four years since she last saw him. He looked magnificently dangerous with his wintry hazel eyes. The brute’s grin had not even changed!

*“Araw mo ang unang sisirain ko sa oras na makarating ako ng ‘Pinas.’”*

Tila naririnig pa niya ang banta nitong iyon nang huli itong tumawag sa kanya. Biglang bumangon ang inis sa dibdib niya. Ang pamilyar na inis na iyon na matagal-tagal na rin niyang hindi nararamdaman. Sa kabila niyon ay lumundag ang puso niya habang tinititigan ito.

“Well?” He threw her a knowing look. Ngumisi ito.

“K-kulugo ka talaga!” she snarled.

Walang lingon-likod na nilisan niya ang coffee shop at tumakbo palayo. Hindi niya pinansin ang nagtatakang tinginan ng mga tao sa paligid nila—lalo na ang pagtawa ni Trojadio sa naging reaksiyon niya.

*Nakakainis talaga!*

Hinihinal na tumigil siya sa pagtakbo. Lumingon siya sa pinaggalingan. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang walang nakasunod sa kanya. Natampal niya ang noo. Ano bang kamalasan mayroon siya? Hindi niya napaghandaan ang pagdating nito. Tama ang sapantaha niyang tatakbo siya palayo oras na makita ito.

Hindi pa rin mapakaling naglakad siya patungo sa kalsada. Ayaw niyang pumila sa taxi stand. Kailangan niyang pumunta sa ospital sa lalong madaling panahon. Their bump didn't look coincidental to her.

“Kapag ikaw nasagasaan, hindi kita tutulungan.”

Her eyes widening, she turned around. Halos malulon niya ang dila nang makita si Trojadio na prenteng nakatayo sa likuran niya. Nakatanaw ito



sa kalsada pero alam niyang pinakikiramdaman siya nito.

Napalinga siya sa paligid. Napanganga siya nang makitang halos nakatayo na pala siya sa gitna ng kalsada. Nawindang yata siya sa biglaang pagsulpot nito sa harapan niya. Ikiniling niya ang ulo sabay napaatras.

“B-bakit mo ako sinundan dito?”

“Kasi na-miss kita.”

“H-hindi kita kilala, Dude,” nauutal na sabi niya. Nag-bosees lalaki uli siya. Napangiwi siya nang makitang ngumisi ito. “How did you know?”

“Should I answer that silly question?”

“No. Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Nag-shopping ako.”

“I don’t see any bags,” aniyang tinutukoy ang mga kamay nitong walang hawak ni isang paper bag.

“Wala akong nagustuhan.”

“Liar.”

“You wanted to hear me say that I came here to see you?” tukso nito.

The guy was really impossible to deal with. Pinapakulo nito ang dugo niya nang walang kahirap-hirap. At ano ang gusto nitong palabasin, na kinikilig siya dahil sa presenya nito?

“Bakit ba bumalik ka pa?”

“Sabi ko nga sa 'yo, na-miss kita.”

“Bigla akong kinabahan diyan sa sinabi mo.”

Tumawa ito. Parang naengkantong napatitig siya rito. She missed his laugh, too. *Damn!* She shook her head. Hindi siya dapat magpadala sa kaguwapuhan nito. Hindi niya dapat makalimutan na ito ang dahilan kung bakit naging miserable ang kabataan niya. Naiinis siya sa nararamdamang pagwawala ng kanyang puso.

“Libre ang hangin dito. You can breathe.”

“S-shut up.” Naiinis na naglakad siya palayo. Hanggang ngayon ay madali pa rin nitong nababasa ang mga kilos niya. “Huwag mo nga akong sundan!”

“Ano ba'ng drama mo ngayon at ganyan ang suot mo?”

“Wala kang pakialam kahit pa maghubad ako ngayon dito.” Napaigik siya nang bigla nitong hablutin ang kanyang braso. “A-ano ba'ng problema

mo?”

“Kung maghuhubad ka, dapat sa harap ko lang.”

“Y-you’re crazy! Bitawan mo nga ako.”

“Let’s go.”

“S-saan mo ako dadalhin?”

“Sa condo ko. Maghuhubad ka, di ba? Di d’un na lang tayo sa condo ko. May privacy tayo doon.”

“Bastos!” Namumula ang mukhang binawi niya ang braso mula sa pagkakahawak nito. “Bitawan mo ako! Are you out of your mind? I said let me go!” Naging hysterikal siya nang hindi pa rin siya nito bitawan.

“Come on, hindi ka pa rin ba sanay sa akin? I was just kidding. Hindi ko pag-iinteresanan iyang katawan mo. I’ve had seen lots of that in the States. Umay na nga ako.”

“Ang yabang mo talaga.” Lalo siyang nakaramdam ng inis dahil sa sinabi nito.

“Oo nga. Ang guwapo ko.”

“Bitawan mo sabi ako, eh!”

Binitawan nga siya nito pero para lamang pala

isakay sa kotse nitong naka-park sa di-kalayuan. Ni hindi niya namalayang nakaladkad na pala siya nito roon. Sinubukan niyang umalis pero humarang ito sa harapan niya at hindi siya hinayaang makalayo.

“Get in.”

“M-may importante akong pupuntahan, kaya huwag kang magulo.”

“I said get in the car. Kapag hindi ka pa pumaasok, ako na mismo ang magsasakay sa ’yo sa loob.”

“Sinabi ko naman kasi sa ’yong—” Napasigaw siya nang bigla nitong pangkuin at ilagak na parang sako ng bigas sa loob ng kotse nito. Wala siyang nagawa nang pabalibag nitong isara ang pinto at sumakay roon. Kinakabahang napatitig siya rito.

“Dadalhin kita sa condo ko.”

“H-hoy! Ang kapal talaga ng—”

“Hindi kita paghuhubarin, kaya huwag kang mag-alala,” natatawang sansala nito.

“P-puwede ba, patapusin mo muna ’ko sa sinasabi ko?” reklamo niya. Inayos niya ang pagkakaupo. “Hindi mo ako puwedeng dalhin sa condo mo.”

“Kailangan mong palitan iyang damit mo.”

*Kissing The Ugly Duckling - Eunice Xyra*

---

Napatingin siya rito. Noon lang niya naalalang basa nga pala ang damit na suot niya. Lihim siyang napangiti. Na-miss din niya ang ka-sweet-an nito.

*Anak ng tokwa!*

Inabala niya ang sarili sa pagtingin-tingin sa nadaraanan nila. Sa unang pagkakataon ay nakaramdam siya ng pagkailang sa presensya nito. Tinanggal niya ang suot na baseball cap at hinayaan ang kulot at mahabang buhok na sakupin ang likuran at balikat niya.

“Inaakit mo ba ako?”

“Wag kang adik!”

“Bakit ang bango ng buhok mo?”

“Malamang kasi naligo ako.”

“Hindi ka pa rin nagbabago.”

“Paano mo ako nakilala?”

“Ikaw lang naman ang tumatawag sa akin ng kulugo.”

“Hindi mo alam na ako iyong artistang si Zaira?”

“Alam kong ikaw iyong umaarte sa TV. You even used your real name, kaya paanong hindi kita

makikilala?”

“So, what was your reaction when you first saw me on TV?” excited niyang tanong.

“Wala namang masyadong nagbago sa 'yo, ah.”

“W-wala?”

“Yeah. Even at first glance, I knew it was you.”

Kulang na lang ay pasakan niya ng granada ang bunganga nito dahil sa sinabi nitong iyon. Ano ang ibig nitong sabihin? Na pangit pa rin siya? Pinigilan niya ang sarili na sabunutan ang nakangising lalaki sa harapan niya. She maintained her calm.

“Gan'on ba? Ikaw kasi, halos hindi ko nakilala.”

“Talaga?”

Nakita niya ang amused na ngiti nito. “Oo. Pumangit ka kasi at tumaba.” Pinigilan niya ang sariling bumunghalit ng tawa nang makita ang reaksiyon nito sa tinuran niya. He sure didn't like it.

“Kung gan'on, bakit mas dumami ang mga naghahabol sa akin?” walang halong pagmamayabang na tanong nito.

“Ilan ang nadagdag? Dalawa? Tatlo?”

“Inaasar mo ba ako?”

“Of course not,” nakakalokong bira niya.

Isang nanunudyong tingin ang ipinukol nito sa kanya na sinundan nito ng kindat. She flushed. Lalong lumawak ang ngisi nito nang makita ang reaction niya.

Naiinis na tinalikuran niya ito at hinarap ang bintana. Lalong kumulo ang dugo niya nang marinig ang mahina nitong pagtawa.

# 3

Biling-baliktad siya sa kanyang kama. She couldn't sleep. Kanina pa siya hindi mapakali. Pakiramdam niya ay sasabog na ang kanyang utak sa kaiisip kay Trojadio at sa biglaang pagdating nito.

“Brute! Sino'ng pangit, ha?” Gigil na pinagsususunok niya ang yakap niyang unan. “Akala mo kung sino kang guwapo? Akala mo naman namiss kita. Puwes, para sabihin ko sa 'yo, talagang namiss kita! Ba't ka pa kasi bumalik? Tahimik na ang buhay ko, eh! Nakawala na ako sa gayuma mo, kulugo ka!”

Napapikit siya nang biglang lumitaw sa kanyang isip ang nakangising mukha nito. Nai-imagine pa niya ang mukha nito sa unan. Nanghihinang napahiga siya.

Matapos siyang makipag-away kanina ay wala rin siyang nagawa nang idaan siya nito sa isang fashion boutique at bilhan ng damit. Pagkatapos ay inihatid siya nito sa ospital kung saan naroon ang Ate Liezel niya.

*“You're lucky. Ikaw ang unang dinalaw ko*



*pagkababa ko ng eroplano. Gan'on ko na-miss ang pang-aasar sa 'yo.'*"

Lalong dumiin ang pagkakapikit niya nang maalala ang huling sinabi nito bago umalis. Ni hindi na siya nakasagot sa sinabi nitong iyon dahil mabilis na itong nakasakay ng elevator pababa ng ospital.

Napahawak siya sa kanyang dibdib. Ramdam niya ang mabilis na pagtibok niyon. And she knew why it was beating that fast. Natatakot siyang baka manumbalik ang lihim na pagtingin niya rito.

Noong umalis ito noon ay nakaramdam siya ng kakaibang kahungkagan. She never cared about her looks before. Tanggap na niyang pangit siya at wala nang pag-asa pang gumanda.

Nang umalis ito ay nakaramdam siya ng takot. Natakot siyang baka makakita ito ng mga magagandang babae sa States at ma-in love ito sa mga iyon.

Dahil doon ay unti-unti siyang nakaramdam ng pagnanais na i-develop ang kanyang personalidad. Luckily, she met Jessica. Pangarap ni Jessica na maging sikat na makeup artist at magpaganda ng mga tao. Kalaunan, naging mag-best friends sila.

Pinasok niya ang mundo ng showbiz bilang lihim

na panawagan para kay Trojadio. Ang siraulo niyang puso ay nangarap ng isang milagro—na kapag nakita siya nito na maganda nang artista ay kakaripas ito ng takbo pabalik sa piling niya—hindi para asarin kundi para ibigin siya.

Na hindi nangyari.

Kapag kaharap niya ito ay ipinapakita niyang galit siya rito. Kahit sa loob-loob niya ay batid niyang itinatangi ito ng kanyang puso. Ganoon pa rin ba hanggang ngayon?

Napabuga siya ng hangin.

---

Iginala ni Zaira ang mga mata sa paligid ng *Bluewave Bar*. Doon sila magkikita ni Jessica. Sesermunan siya nito sa ginawa niyang pagtakas kahapon. Ito ang napilitang magpanggap bilang siya na kunwari ay lumabas ng mall.

Lumapit sa kanya ang isang waiter at magalang na tinanong kung may reservation siya. Sinabi niyang nagpa-reserve na roon ang kanyang manager. Itinuro nito ang isang bakanteng mesa na nasa bandang dulo ng bar. Medyo tago ang lugar na iyon. Naglakad siya patungo sa mesa.

Napapatingin sa kanya ang mga nadaraan niya. Hindi niya pinansin iyon. Sanay na siya. Hustong nakarating siya sa mesa nang biglang matigilan. It was that odd feeling that somebody was watching her. Napalinga siya sa paligid. At gayon na lamang ang panlalaki ng mga mata niya nang makita kung sino ang matamang nakatitig sa kanya.

Trojadio? Mabilis niyang binawi ang tingin, pagkuwa'y balewalang naupo sa puwestong naka-reserve para sa kanila ni Jessica. She tried to conceal her uneasiness. Muli siyang nakaramdam ng pagkailang. Parang pinapanood nito ang bawat kilos niya.

Mula sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niya kung paano siyang sinuyod ng tingin nito. His gaze never left hers. Palihim niyang kinurot ang sarili para mapigilan ang pangingin niya. His intent and fiery gaze still had the same effect on her. Inilabas niya ang cellphone at nag-dial doon.

“Where are you?” aniya sa medyo malakas na boses.

“I’m on my way. Traffic lang,” paliwanag ni Jessica.

“Ikaw ang nagsabing bawal ang late, ’tapos ikaw

itong wala. Bilisan mo, pumunta ka na rito,” aniya bago mabilis na tinapos ang tawag. Kung puwede lang niyang sabihing sa ibang lugar na lang sila magkita.

“Hi. Ikaw si Zaira, di ba? The actress?”

Napatingala siya sa lalaking bigla na lang sumulpot sa harapan niya.

“Yes,” she coldly replied, thinking that by doing so, he would leave her alone instantly.

Pero mukhang manhid ito dahil imbis na umalis ay naupo pa sa bakanteng upuan sa harapan niya.

“By the way, I am Daven Alcantara,” pakilala nito.

Halatang ipinagyayabang nito ang apleyido nito na alam niyang isang prominenteng pamilya sa North Luzon. Anak ito ng isang governor sa Ilocos Region. Tiningnan niya lang ang palad nitong nakalahad.

“Nice to meet you.” Itinaas niya ang kamay at mabilis na tinawag ang waiter. She calmly ordered a glass of *Martini*. Pagkaalis ng waiter ay binalingan niya ang manhid na lalaki. “I’m waiting for someone else.”

Alam niya ang dahilan kung bakit ito lumapit. Hindi siya ganoong klase ng babae kaya ngayon pa

lang ay itinataboy na niya ito. She knew his intention because she had lots of indecent proposals since she entered showbiz four years ago.

“Please go,” aniya.

“Hindi dahil artista ka ay puwede ka nang mag-inarte.” Tumalim ang tingin nito.

Halatang hindi nito nagustuhan ang inakto niya. He rashly grabbed her hand.

“L-let me go.”

“Bakit ka ba nagpapakipot, ha? Artista ka lang naman. Magkano ba ang isang gabi mo, ha?”

Mabilis na dumapo sa pisngi nito ang kanyang palad. “Eh, ikaw, magkano ba ang buhay mong manyak ka?” galit na bulyaw niya sa nagulat na lalaki. Mabilis niyang binawi ang kamay mula sa pagkakahawak nito.

“You bitch!” sigaw nito.

She cringed. Sa kanilang magkakapatid, siya ang pinakamahina—physically and emotionally. Iyon ang bunga ng mababang self-confidence niya simula pa noong bata siya. Kaya napapikit na lang siya nang makitang umangat ang kamay nito upang sampalin siya.

“Is this how you treat a woman?” Dumagundong ang boses ni Trojadio habang hawak nito sa ere ang kamay ni Daven na handa nang lumagapak sa mukha niya kanina.

“Back off. Away namin ito ng girlfriend ko!” pasigaw na sagot ni Daven. Marahas nitong binawi ang kamay.

Isang napakatalim na tingin ang ipinukol ni Trojadio sa kanya. Tigas ng iling niya.

“T-that’s not true, I don’t even know him.”

“Let’s go,” ani Daven na biglang tumayo at akmang hahawakan ulit siya sa kamay. Nagbabaga ang mga mata nito.

Hindi niya naiwasang manginig sa nakita.

“Touch her and you’re dead.” Mapanganib ang tonong ginamit ni Trojadio kaya mabilis na napatigil si Daven. Nakita niya ang pagtatagis ng mga bagang nito.

Nang dumating ang mga bouncers ay nagpasyang umatras ang lalaki at iniwan sila. Namayani ang katahimikan sa pagitan nila ni Trojadio. Ang mga taong nakiusyoso kanina sa gulong idinulot ng katarayan niya ay biglang nagsibalik sa mga puwesto

ng mga ito.

Kahit paano ay nakahinga siya nang maluwag nang tuluyang mawala sa paningin niya ang nakakasuyang mukha ni Daven. Humalukipkip si Trojadio bago padarag na umupo sa binakanteng silya ni Daven. Nanunuri ang tinging pinadaan nito sa kabuuan niya. She tensed.

She was wearing a sexy black dress. Simula nang pinasok niya ang showbiz ay nag-iba na rin ang fashion sense niya. Hindi bastusin ang mga isinusot niyang mga damit. Pero sa paraan ng pagkakatingin nito sa kanya ay para bang hindi nito nagustuhan iyon.

“Fancy meeting you here,” anito.

“Kung wala ka nang sasabihing importante, you may leave. I have an image to protect. Ayoko ng issue, you know.”

“Hindi pa ba issue iyong nangyari kanina?”

“I can always deny it. Gan'on naman sa showbiz.”

“Gaya ng pagtatago mo sa mga nagiging lalaki mo?”

Ang mga issue niya sa mga naging ka-love team niya ang tinutukoy nito.

“Kung wala kang matinong sasabihin, puwede ba umalis ka na lang? Bumalik ka na sa mesa mo.”

“Bakit, sino ang hinihintay mo? Iyong boyfriend mo?”

“Paki mo? Close ba tayo?”

“Umuwi ka na.”

“May imi-meet akong tao dito.”

“Boyfriend mo?”

“Bakit ba ang kulit mo?”

“Hindi mo pa ’ko sinasagot.”

“May gusto ka ba sa akin?”

Isang malutong na tawa ang naging sagot nito sa tanong niyang iyon. Naiinsultong inismiran na lang niya ito. Kahit kailan talaga ay wala siyang nakuhang matinong sagot mula rito.

*Nagtanong ka pa kasi!*

“I said leave.” Itinaas niya ang kamay na parang nagtataboy siya ng langaw. “Go!” Pinanlakihan niya ito ng mga mata nang hindi pa rin ito gumalaw.

He fell silent. Kumunot ang noo nito. He looked into her eyes as if he was searching for something.



Natigilan siya sa kakaibang inaakto nito.

“Why are you so cold, Zaira?” Nanindig ang mga balahibo niya nang marinig ang lambong sa boses nito.

Was he trying to seduce her? Naniningkit ang mga matang sinalubong niya ang nakaliliyong titig nito.

“Kasi sobrang sexy ng suot kong damit ngayon.”

“Bakit kasi ganyan ang suot mo?”

“Eh, sa ito ang gusto ko. What do you care?”

“Bakit ka ganyan makipag-usap sa taong nagligtas sa 'yo?” He leaned closer and gave her a chilling stare.

“Kulang pa iyong ginawa mo para mabayaran ang mga naging kasalanan mo sa akin noon.”

“Bakit, ano ba'ng kasalanan ko sa 'yo?”

“Sa sobrang dami, aabutin tayo ng isang taon kapag inisa-isa ko sa 'yo.”

“Wala akong maalala.”

“Matanda ka na kasi.”

“Di matanda ka na rin? We are of the same age.”

“Alam mo bang kanina ko pa gustong dukutin ang mga mata mo? Kanina ko pa rin gustong budburan ng chilli powder ’yang bunganga mo.”

Saglit lamang ang pagkagulat na dumaan sa mukha nito dahil sa sinabi niya. Sinundan iyon ng mataginting nitong tawa. Narindi ang tainga niya sa napakagandang tunog niyon.

“You haven’t changed a bit. Pinapasaya mo talaga ang araw ko sa tuwing pinapatulan mo ang mga pang-aasar ko. Hindi ako nagsisising nakilala kita, Zaira De Calibre.”

“Puwes ako nagsisisi. Kaya mag-iingat ka. Dahil balang araw ay gaganti ako sa ’yo.”

“Paano naman?” Nakita niya kung paanong pinipigilan nito ang matawa habang tinititigan siya.

Lalo talaga siyang nainis dito. He was really enjoying their talk.

“Secret.”

“Secret? Nagpapapansin ka ba sa akin? Do you really like me this much, Panget?”

Naging isang guhit ang kanyang mga labi. Tumikwas ang kilay niya. Kulang na lang ay ibalibag niya ang mesa sa kayabangan nito.

“At kelan ako nagkagusto sa 'yo, aber?”

“Simula noong una mo akong nakita.”

“Oo nga. Gusto kita. Gustung-gusto kitang patayin.”

“You’re that in love with me? I’m so flattered, Panget. Mabuti pa ay umuwi ka na. You’re inviting men to come to you.” Itinukod nito ang magkabilang braso sa mesa at inilapit ang mukha sa kanya.

Nahigit niya ang hininga dahil sa ginawa nito. She felt lost again, with those dark eyes of his. She knew she was in big trouble again.

“I don’t know what you mean.”

“Don’t go to places like this alone. Para kang bulateng gumapang sa pugad na madaming ibon.”

Para siyang namamalik-mata habang nakatitig sa napakaguwapong mukha nito.

“And by the way, libre ang hangin dito. You can breathe, you know.” Bumalik ang amusement sa mga mata nito. “Mabango rin ako.” He playfully winked.

Bigla siyang napalayo rito. Naikuyom niya ang mga palad.

“Bumalik ka na nga sa pinanggalingan mo. Ako

na naman ang nakita mo.”

“Coz I really missed you.”

She froze. Bakit ganoon? Kahit na alam niyang inaasar lang siya nito kaya ito sweet sa kanya minsan ay kinikilig pa rin ang timang niyang puso? Ang malas pa, walang gamot sa sakit na katangahan.

“S-siguro sinundan mo ako dito, ano? Para asarin lang? Wala ka ba talagang patawad? Kahapon lang ay sinira mo na ang araw ko.”

“Sinundan? Oh, thanks for giving me an idea. Sa susunod, gagawin ko na talaga iyan,” nakangising saad nito bago tumayo.

Nagulat siya nang makitang may sinalubong itong grupo ng mga kalalakihan. Namukhaan niya ang dalawa roon. Former team mates nito.

Napangiwi siya nang maisip ang huling sinabi rito. Pinagbintangan pa niyang sinundan siya nito roon. *Nakakahiya!* Sa halip na hintayin si Jessica ay mabilis siyang tumayo at tinungo ang pinto. Tatawagan na lang niya ito para sabihing may emergency ulit kaya hindi na siya makakapagtagal.

Sinimangutan niya si Trojadio nang makitang tinaasan nito ng kilay ang pagwo-walkout niya.